# VALENZUELA NGAYON




San Diego De Alcala Parish Church Bell Tower, the oldest bell tower in the city located in Polo, Valenzuela City was completed in 1632.

Taon 1 Blg. 2 | Valenzuela, *may* DISIPLINA! | *Oktubre 2004* | NOT FOR SALE

# 100 DAYS with WIN



## Linggo ng kabataan sa Valenzuela, matagumpay na ipinagdiwang



## "TV IDOL" You're the MAN

*page 8*







## Valenzuela is back in business....

Yan ang mga katagang binitiwan ni Councilor Jun Santiago sa 5th Anniversary & Induction of Officers ng Valenzuela Business Club. *page 2*






## SWEEPing-off gloomy days and bRINGing smiles to people's hearts

*page 8*



## 56 timbangan nakumpiska

May 56 timbangan ang nakumpiska ng Business Permits and Liscensing Office (BPLO) sa magkahiwalay na raid sa palengke ng Karuhatan, Gen. T. De Leon, Pulo at Malanday



## Linggo ng Kabataan ipinagdiwang sa Valenzuela




"Pagpapayaman ng Inang Kalikasan: Isang Kalinangan sa Daloy ng Kamalayan ng mga Kabataan!"

Ito ang naging tema ng pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan sa Valenzuela noong Agosto 14-21 na ginanap sa Valenzuela Convention Center at Valenzuela Astrodome na dinaluhan ng may 1,000 kabataan mula sa iba't-ibang organisasyon.

Ang pagdiriwang ay isang proyekto ni Sangguniang Kabataan (SK) President Meilene Dizor sa pakikipagtulungan ng mga opisyales ng SK sa 32 barangay ng lungsod.

Sa isang linggong pagdiriwang, ang mga kabataan ay nagkaroon ng mga iba't-ibang paligsahan na tumatalakay sa isyu ng kalikasan tulad ng paglikha ng mga kasuotan na gawa sa recycled materials, logo at poster-making at pagsulat ng sanaysay.

Pinarangalan din ng Pederasyon ng SK ang mga katangi-tanging organisasyon ng kabataan at mga opisyales ng SK.

*Kasama ng mga kabataan mula sa Lungsod ng Valenzuela ang mga kabataan nagmula sa bansang Hapon at Timog Hilagang Asya sa isinagawang 31st Ship for Southeast Asian Youth Program na ginanap sa Ateneo de Manila nitong Setyembre 15.*



**Ipinakita ng Valenzuela Youth Development Office kasama ang WIN Youth Club at Batang Rex, ang katangi-tanging talino at galing ng kabataan sa lungsod, sa larangan ng liderato, sa ginanap na 31st Ship for Southeast Asian Youth Program (SSEAYP) noong Setyembre 15 sa Ateneo de Manila University, Quezon City Ang SSEAYP na pinangungunahan ng National Youth Commission, ay isang taunang cultural exchange activity na nagbibigay ng oportunidad sa mga piling youth ambassadors of goodwill ng Japan at mga bansa sa South East Asia, na makapaglibot sa rehiyon sakay ng M/S Nippon Maru at mapag-aralan ang iba't-ibang kultura at tradisyon.**

Layunin din ng nasabing aktibidad na maisalarawan ang iba't-ibang gawain ng kanilang sariling kultura at tradisyon, maisalarawan ang katangian at kahulugan nito at maipakitang gilas ang sinasagisag ng kanilang kultura.

Sa pakikiisa ng samahan sa aktibidades na ito, napapalawak ang kaalaman ng tunay na kahulugan ng pagkakaisa sa bansa, maging sa labas at kahalagahan ng pagkakaibigan

Ang SSEAYP din ay nagpapatunay na mahalaga ang tamang komunikasyon sa larangan ng pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang bansa. #

## 232 nagtapos sa Sports Summit Kontra Droga

**May 232 katao mula sa iba't-ibang sektor, ang nagtapos noong Setyembre 15 sa ginanap na limang araw na sports summit kontra droga, na pinamagatang Sports i-dev@VC, na isinagawa sa Museo Valenzuela.**

Ang sports summit, isang inisyatiba ni Punong Lungsod Sherwin Gatchalian noong naupo siya bilang Congressman ng unang distrito ng Valenzuela, ay naglalayong linangin ang potensyal ng mga lokal na manlalaro sa Valenzuela upang maging mabuting indibidwal at saklawin ang mga tunay na mahalaga na likas sa pagsasagawa ng physical fitness at sports.

"I believe that there are many undiscovered local athletes in the city who possess enough abilities and talents in sports. This is why we want to develop our sports program," ani Gatchalian.

"We are here not just to teach and train but to develop future athletes," ani pa niya.

Ayon pa sa Local Chief Executive, ang programa sa palakasan ay nakikita ng pamahalaang panlungsod bilang isang epektibong paraan upang labanan ang problema sa droga sa lungsod.

"We see sports as an effective way of fighting illegal drugs in our city. I believe that when the people engage actively in positive activities such as sports, it does not only enhance their physical growth, but fosters good vibrations in their intra-personal side," ani Gatchalian.

Sa pakikipagtulungan sa Philippine Sports Commission (PSC), pitong (7) laro ang tinalakay ng mga miyembro ng National Programs Secretariat (NPS) ng PSC. Ito ay ang arnis, bowling-duckpin, volleyball, basketball, chess, table tennis at badminton.

Ang mga theoretical at practicum sessions ay pinangunahan ni NPS Assistant Head Rene Malabanan kasama sina Liberato V. Valenzuela para sa basketball, Danilo C. Yumang, Jr. para sa badminton, Hedy Santos para sa arnis, Gene Poliarco at Willy Abalos para sa chess, Francisco V. Omalin para sa volleyball, Inez G. Magbual para sa bowling-duckpin at Jett P. Yatco para sa table tennis.Sa pamamagitan ng summit, ang pamahalaang panlungsod sa pamamagitan ng City Sports Development Office ay umaasang makagawa ng isang komprehensibong sports development programa.




*Pinangunahan ni Mayor WIN Gatchalian ang mga 500 manlalaro mula sa iba't-ibang sektor ng Valenzuela sa Opening Ceremony ng Sports I-dev @ VC*






**Many things can happen in a snap.**

For us, at the Vice-Mayor's Office, a lot of things have been done...

**...Public service that meet public satisfaction**

**...Projects with results**

**...Mutual trust between our office and our constituents.**

Many plans and projects were pushed and realized—medical missions, leadership training, sports development programs and activities, mass calisthenics, distribution of books and school supplies to the needy, public, legal and manpower assistance, social and infrastructure services, and campaign against illegal drugs.

**Improving the quality of life in Valenzuela is our concern.**

Our warmest appreciation to those who supported us, one way or another, to make these endeavors a success—**Civic Organizations, Individuals, NGOs and Business Enterprises.**

But most of all, **to the people of Valenzuela...Our Inspiration!**

**WE ARE GLAD TO SERVE YOU!**

**Vice Mayor Antonio Espiritu**

VALENZUELA NGAYON

REX GATCHALIAN
Editor-In-Chief

MARITHER S. MENIA
Managing Editor

JESSEBEL B. LACBAWAN
News Editor

MARY ANN JOSE-ROLDAN
Features Editor

ALVIN S. FELICIANO
Editorial Consultant

REX ANTHONY B. CARREON / RICHARD S. MEDRANO
Graphics and Layout

ERWIN M. MARASIGAN / VIRGINIA T. MEDIANA / ALBERT P. SY
Circulation

*VALENZUELA NGAYON* is a monthly publication of the City Government of Valenzuela. It accepts contributions for publication but reserves the right to edit any manuscript for reasons of grammar, spelling, propriety and space. All opinions expressed in any article are those of the author and do not necessarily reflect those of the paper.

For comments, suggestions, and manuscripts, please address them to the Public Information Office, Office of the City Mayor, Valenzuela City Hall, or you may call us at telphone numbers 292-02-11 loc. 213.

# Write to WIN



*Dear Mayor Gatchalian,*

*CONGRATULATIONS!!!*

*The changes that are happening now in the City of Valenzuela is indicative of a strong leadership and a city mayor who has the political will to effect change for the betterment of the city and his constituents.*

*The dramatic change along MacArthur Highway is very much noticeable. Before, heaps and heaps of uncollected garbage is a common sight.*

*And, seeing them makes me feel uncomfortable. But now, it is a different story. There is not a single heap of trash along MacArthur Highway, thereby making me feel so proud because the surrounding is clean.*

*As to the other changes, like the clearing of sidewalks, instilling discipline to motorists and commuters alike, repair of sidewalks, covering of manholes and others, will definitely make the residents of Valenzuela see the difference between the past and the present city administration.*

*Also, I would like to thank you, Mayor Win, that at last, our subdivision is now being visited regularly by the people from the Waste Management Office. Before, I was spending quite a sum of money just to have our trash brought to the area where garbage is being collected. Before, we were visited by the garbage collector maybe less than ten (10) times a year.*

*I am also very proud to see the WMO people doing their task of collecting trash in a very dignified uniform. Their uniform makes me feel that the present city government has accorded them the care and respect due them. To that, I doff my hat to you for a job well done.*

*Again, my sincerest congratulations and if the changes that you want to do will improve the quality of our lives, please go on, SUPORTAHAN TA KA!*

*(Signed)*

*Lorenzo A. Bogayan*
*Malanday*

**Dear Mr. Bogayan,**

**It is indeed heartening to know that what we are doing in the City Government is appreciated.**

**But, let me reiterate that the credit for whatever changes for the better that residents of this city now see and feel should not go to the undersigned alone, but to the collective efforts of all the men and women who comprise the Valenzuela Action Center, the Public Order and Safety Management Office, the Waste Management Office, and the Traffic Management Office.**

**I also wish to emphasize that so much more needs to be done in our City. And, with your support and cooperation, I am sure that we can truly effect meaningful changes that will benefit all the residents of Valenzuela.**

**Maraming salamat po!**

*September 9, 2004*

*Dear Mayor WIN,*

*Aking nabasa ang inyong Memorandum Order tungkol sa proseso ng pagbabayad ng Business Permit na ang isa sa mga kailangan ay ang bayad ng amilyar ng lupa o "Real Property Tax Clearance".*

*Ang aking katanungan ay kung ang isang negosyante ay umuupa at sakali naman po ang inuupahan ay hindi nakapagbayad ng amilyar ng lupa, hindi po ba magkakaroon ng problema ang negosyante?*

*Sana po ay bigyan ninyo ng masusing pag-aaral ang mga hakbang kung ano po ang sitwasyon na maaaring mangyari.*

*Concerned Citizen*

**Maraming salamat po sa inyong katanungan tungkol sa Memorandum Order No. 2004-027, na nilagdaan noong ika-9 ng Setyembre, taong 2004.**

**Sa amin pong pananaw ay hindi po karagdagang abala para sa mga negosyante ang pagkuha ng Real Property Tax Clearance upang maka-seguro na bayad ang amilyar ng lupa na kinatitirikan ng inyong negosyo.**

**Bagkus, ito ay paraan upang maka-iwas ang mga negosyante sa mas malaking perhuwisyo kung sakaling mapasa-ilalim sa public auction ang lupa o pwesto na inyong inuupahan dahil sa hindi pagbabayad ng amilyar ng mga may-ari nito.**

**Ang halagang beinte pesos para sa RPT Clearance ay napakaliit lamang kung itutumbas sa kaseguruhan ng mga negosyante sa pwestong kinalalagyan ng inyong negosyo.**

**Sana po ay nasagot ang inyong katanungan.**

# Fun Run benefits 3 young TB patients

ni Ma. Pia Dizon

Three (3) children afflicted with tuberculosis were benefited from the P19,000 funds raised during a fun run activity conducted by the Valenzuela City Health Office (VCHO) last August 19.

The beneficiaries were Anne Fe Pelayo, Arnold Ragada, and Marvin Lagrimas.

The fun run, which was participated by at least 200 people, was one of the activities undertaken to commemorate August as National Lung Month.

Participants who arrived early at the converging points in Maysan, Marulas and Malanday, were given cash prizes and plaque of recognition. Awarded were Leoncio Cruz, Victor de Guzman, and Eugene Virtucio.

Moreover, five (5) children were given gift packs and medicines for primary complex courtesy of Celerina Trilles, a Valenzueno based in San Diego, California, in a tuberculosis awareness activity held at New Gen. T. De Leon Health Center.

The recipients were Carlos Miguel De Castro, Angela Tolentino, Arnold Jagon, Cielo Grace Jagon and Romulo Jagon.

In related news, the 2nd National Tuberculosis Program Quiz Bee was conducted at the Valenzuela Convention Center last August 27, which was participated by midwives, nurses and physicians in the city.

It was aimed to foster camaraderie among and between the members of the VCHO at the same time review their knowledge on how to compute dosage of medicines being given to clients.




*Ipinapamigay ni Dr. Antonio Olegario, City Health Officer, ang mga gift packs na may kasamang gamot sa mga beneficiaries ng TB in Children Program sa New Gen. T. de Leon Health Center.*

Join ka na!

BASKETBALL TRY-OUT

*Inter-City Basketball Tournament*

*–kung ikaw ay 16 yrs. old pababa, residente ng Valenzuela, magdala lamang ng Birth Certificate at pumunta sa mga ss. na lugar*


Oct. 9, '04 8:00 a.m. Doña Ata Covered Court, Marulas
Oct. 10, '04 8:00 a.m. Doña Ata Covered Court, Marulas
Oct. 16, '04 8:00 a.m. St. Jude Covered Court, Malinta
Oct. 17, '04 8:00 a.m. Pacheco Covered Court, Dalandanan

*Para sa mga impormasyon, tumawag sa:*

SK OFFICE – 277-34-14 at 277-34-15
*(hanapin si Len o Michelle)*

SPORTS DEV'T OFFICE – 0919-5305687
*(hanapin si Mr. Gerry Malabanan)*

YOUTH DEV'T OFFICE – 0919-6383566/ 0919-5606433/ 432-02-73
*(hanapin si Kgd. Bernard Clariño o Edmund de Guzman)*




*Ang Fun Run 4 a Cause na pinangunahan ng mga empleyado ng City Health Department noong August 19,2004.*

## Biktima ng trahedya binigyan ng tulong

ni Arnel Buhangin

Nagbigay si Punong Lungsod Sherwin Gatchalian ng financial assistance sa pamilya ng mga biktimang nalunod noong Setyembre 12 habang nagkakasayahan sa isang binyagan sa Biak na Bato, San Miguel, Bulacan.

Ang bawat pamilya ay nabigyan ng P4,000 bilang tulong sa pagpapalibing mula sa Crisis Intervention Fund ng Emergency Welfare Program ng City Social Welfare and Development Office.

"The victims all came from indigent families. The amount would at least ease the financial burden of the bereaved families," ani Gatchalian.

Ang anim (6) na biktima, lahat ay residente ng Malanday, ay kasama sa walong (8) namatay sa trahedya.

Ang mga biktima ay kinilala bilang sina Yhanny Mae Rivera,13, Gladys Ganalongo, 9, Mary Ann Santiago, 26 at ang kanyang 7 na gulang na anak, Mitchilyn Ann Santiago,Bessie Sanchez, 14, at Diether Capalad, 8.

# 250 BHWs lumahok sa health training

## *Food fortification program ipatutupad*



Upang mapagbuti ang paghahatid ng mga pangunahing serbisyong pangkalusugan sa lungsod, ang Valenzuela Health Department sa pakikipagtulungan sa Win Mother's Club, ay nagsagawa ng training para sa mga Bangay Health Workers (BHWs) noong Setyembre 8-10 sa Valenzuela Convention Center.

Ang 250 BHWs na dumalo mula sa iba't-ibang barangay at health facilities sa lungsod, ay nilekturan sa kalagayan ng kalusugan sa lungsod ni Pia Dizon at iba pang kaalaman sa kalusugan mula kina Dra. Nanette Leonardo, Theresa Sarmiento and Allan Dioneda.

Dagdag pa rito, nabigyan din sila ng pre at post- tests at inatasang magsagawa ng community surveillance sa kanilang mga lugar.

Sa iba pang balita, simula Nobyembre 2004, lahat ng manufacturers, producers, importers, traders, tollees, retailers at repackers ay inaatasang siguruhin na lahat ng kanilang produkto ay may iron, iodine at bitamina A.

Ito ay alinsunod sa Republic Act 8976, na naglalayong labanan ang micronutrient malnutrition sa bansa.

Base sa mga pag-aaral, ang micronutrient malnutrition, isang kakulangan sa iron, iodine at bitamina A, ay isa sa pinakamalaking problema sa kalusugan sa mundo.

Ito ay karaniwang umaapekto sa mga batang mag-aaral o mga bata na may edad na anim (6) pababa at mga nanay na maaari pang manganak.


Isang technical working group, sa pamumuno ni City Mayor Sherwin Gatchalian, ang binuo upang bantayan ang implementasyon ng food fortification program kung saan ang Barangay Maysan ang siyang napiling pilot area bilang may pinakamaraming manufacturing companies sa lungsod.

Sinasakop din ng nasabing batas ang mga restauran at iba pang kainan.

# 100 DAYS

***Sa ika-8 ng Oktubre 2004 and ika-100 araw ng panunungkulan ni Mayor Win Gatchalian bilang Punong Lungsod ng Valenzuela. Sa paggunita nito, anu-ano na nga ba ang nabago sa ating lungsod?***

1. Zero Graft and Corruption
2. No SOP!
3. Professionalism
4. P4 M MERALCO account paid
5. P1 M PLDT account paid
6. 80% garbage collection efficiency
7. Drainage Cleaning
8. Sidewalk Clearing
9. Towing Operations
10. Improved traffic condition
11. 603 canines and 24 felines seized
12. 158 canines euthanized
13. 73 canines redeemed
14. 9 canines adopted
15. Action lines (0917-3908873, 0921-5624700)
16. Red Box
17. Quick Response
18. Fast tracking of Tullahan Bridge construction
19. Artesian wells
20. Sidewalk rehabilitation
21. Monsoon rains in August
22. Launching of Sports i-dev@VC program
23. Mass Wedding
24. Ensuring smooth working relationship among and between the City Officials and Employees
25. End of partisan politics
26. Anti-illegal drug campaign
27. Campaign against illegal fruit games
28. On-time release of salaries of permanent, casual and contractual employees of the city government
29. Proposed upgrading of mode of payment of salaries (ATM)
30. TESDA and CHED Scholarships
31. Burial assistance
32. Valenzuela Ngayon
33. Bird Sanctuary
34. Austerity Measures
35. National Budget Deficit
36. Looming IRA reduction
37. Humility
38. Property Tax Clearance
39. Financial Assistance to Biak na Bato tragedy victims
40. Day care
41. Community Bulletin Boards
42. Rationalization of City Government Organization Structure
43. TODA Federation
44. North Mainline Rehabilitation
45. Relocation of informal settlers along the riles
46. MMDA on the road
47. Valenzuela Business Club Forum
48. CAMANAVA Summit
49. Revenue Task Force
50. Employees' Fellowship Night
51. Dr. Pio Valenzuela Anniversary
52. Value Valenzuela
53. Valenzuela Action Center
54. Traffic Enforcers graduation
55. Linis-ganda brigade
56. Valenzuela Chamber of Commerce
57. Raid of shabu laboratory in Villa Liwayway
58. Budget Deliberation
59. Special Bodies
60. Improvement of City Hall lobby
61. Flood Control Program
62. Centralized procurement
63. Non-Formal Education
64. Valenzuela Medical Society
65. First Friday Masses
66. Tianggehan
67. Jobs Fair
68. One-day passporting
69. Training for BHWs
70. Fun run for TB patients
71. Isang Gunting, Isang Suklay
72. Straw Parol Making
73. General Services Office
74. Calibration of gasoline pumps
75. Confiscation of defective weighing scales
76. Uniforms and hard hats for garbage collectors
77. Transparency in governance
78. Accountability
79. Level-playing field
80. Efficiency
81. Effectiveness
82. PTA Federation
83. Leadership by example
84. Red Boy
85. Councilo
86. Youth E
87. Ship for Youth Progr
88. SK Fede



# with WIN

' week
owerment
utheast Asian
ı (SSEAYP)
ion Week

89. Completion of COOP building (phase I)
90. Participatory governance
91. Metro Manila Tourism Officers' Meeting
92. First Aid/ CPR Seminar
93. Feedbacking
94. Continuation of Development initiatives
95. Flood Control Program
96. Beautification
97. Centralized Procurement System
98. Creation of City Environmental and Natural Resources Office
99. Mainstreaming of gender ralated programs
100.




## Valenzuela, mayDISIPLINA!

Sa pamamagitan ng itinatag na Waste Management Office, tumaas ang *garbage collection efficiency* ng ating Lungsod sa 80%.

Sa kasalukuyan, tatlumpung dump at mini-dump trucks ang nangungulekta ng basura sa mga eskinita, subdivisions, palengke at mga pangunahing lansangan sa lungsod. May balak din si Mayor Win na dagdagan pa ang bilang ng mga nasabing dump trucks upang maging 100% ang garbage collection efficiency.

Mahigit 250 na katao ang nagtatrabaho sa WMO para lalo pang mapag-husay ang koleksiyon ng basurq sa Valenzuela.

Upang maisaayos naman ang daloy ng trapiko sa lungsod, walang humpay ang operasyon ng *sidewalk clearing* sa ilalim ng Public Order and Safety Management Office, o POSMO, sa pamumuno ni Gen. Eusebio Ramos.

Sa kasalukuyan, nalinis na ng grupo ang 7 national roads, kabilang ang MacArthur Highway, Maysan Road, Gov. Santiago, Gen. Luis St., at G. Lazaro Street. Samantala, 6 na *market sidewalks* naman ang nasuyod ng mga *vendors* at iba pang *obstructions*, kabilang ang Polo Market, Marulas Market, Malinta Market, Malanday Market, Karuhatan Market, Dalandanan *talipapa* at Royal Mall.

Tuluy-tuloy pa rin ang implementasyon ng *sidewalk clearing* hanggang malinis ang buong lungsod.

Kaugnay nito, sinimulan ng Engineering Department ng lungsod, sa pangunguna ng OIC na si Ms. Ma. Praceli Canares ang *sidewalk rehabilitation project*. Ito ay upang lalong malinis ang mga kalye at upang ang mga tao ay hindi na maglakad sa lansangan dahil sa butas-butas o makipot na mga *sidewalk*.

Pinag-ibayo ng *Animal Control Unit*, sa ilalim pa rin ng POSMO, ang panghuhuli ng mga galang hayop. Mula Agosto 2004 hanggang sa kasalukuyan, 603 ang nahuling galang aso at 24 ang mga galang pusa. 158 na ang asong na-*euthanize*, 73 ang tinubos ng mga may-ari, at 9 ang ipina-ampon.


Naglagay ang Pamahalaang Lungsod ng *quick response Action Lines* kung saan maaaring mag-text ang mga mamamayan at ipahatid ang kanilang mga hinaing sa pamahalaan. Mahigit 300 text messages na ang natatanggap ng tanggapan ng Punong Lungsod mula nang inilabas ang numero ng *action lines* sa publiko. Karamihan ay humihingi ng tulong sa pag-huli ng mga asong gala, kahilinginang magsagawa ng *sidewalk clearing operations* sa iba't-ibang lugar, at pagpapa-gawa ng mga sirang kalye at ilaw ng mga poste.

Sa kabila nang lahat ng ito, nagpahayag si Mayor Win na marami pang kailangang gawin sa lungsod. "Kailangang pag-ibayuhin natin ang kalinisan ng ating lungsod, " aniya. "Gusto kong makilala ang Valenzuela bilang pinaka-malinis na lungsod sa buong bansa. Hangad kong makamit ng Valenzuela ang parangal bilang *Cleanest LGU* sa taong 2005," pagdidiin ni Mayor Gatchalian.



**"HANDMADE" PAROL NGAYONG PASKO**
Gumagawa ng parol na yari sa straw ang mga kasapi ng WIN Mother's Club bilang paghahanda sa nalalapit na kapaskuhan na maaaring pagmulan ng kita para sa pamilya o panregalo kaya sa mga kakilala.




# NCR Tourism Officers meet for Wow Phil. participation

About 50 Tourism Officers, all from the various cities and municipalities in the National Capital Region, and Department of Tourism Officials met at the Maricopa Restaurant.

This is to discuss the participation of the Local Government Units in the region in the WOW Philippines Festival in Intramuros, Manila set on October 11 to November 2.

"The purpose of this meeting is for the LGUs in Metro Manila to come up with a plan on how they would participate in the event.

Pag-uusapan dito kung ano ba ang mga puwedeng ma-showcase doon sa Intramuros tungkol sa kanya-kanyang lugar. Each LGU will be having a one day presentation," said Valenzuela Tourism Officer Barcelito de Sotto.

Home to various big manufacturing companies, Valenzuela is known to be a highly-industrialized city.

"Hindi dahil highly-industrialized ang Valenzuela ay ibig sabihin nito na walang puwedeng ipakita na tourist attractions.

We would like to showcase the industrial companies in the city as tourist attractions, aside from parks and festivals, through the conduct of industrial tours." she said.

The WOW Philippines is an activity of the Department of Tourism (DOT), aimed to promote the various tourism destinations and attractions in the country, showcase the diverse culture and traditions of the Filipino people, provide jobs and livelihood opportunities and attain economic growth through tourism.

# Bukod-Tanging Konsehal

Sadyang pinagpala ang Barangay Karuhatan sa pagkakaroon ng isang anak na hindi lamang tapat, bagkus as may ginintuan ding puso na handang tumulong sa mga mamamayan ng ating lungsod. Siya ang kauna-unahang konsehal na nakatapos ng kanyang termino at muling nakabalik sa tungkulin nang kanyang ipahayag ang kanyang pagnanais na muling makapaglingkod sa kanyang mga kalungsod. Isa siya sa mga pinaka-aktibo at pinaka-mahusay na konsehal ng ating lungsod. Siya ay walang iba kundi si Konsehal Fernando "Boy" Padrinao.



**"Salamat Po!" Ito ang mga katagang nanukal sa mga labi ng batang babaeng ito nang pagkalooban siya ng isang Prosthetic leg ng ating butihing konsehal na si Kgg. Boy Padrinao sa pakikipagtulungan ng Kiwanis Club of Valenzuela na pinapanguluhan din ng nasabing konsehal.**

Sa loob lamang ng maikling panahon ng kanyang panunungkulan, samu't-saring proyekto na ang kanyang naisakatuparan, at maraming resolusyon na siya ang pangunahing may-akda, ang naihain sa Sangguniang Panlungsod. Ilan sa kanyang mga pangunahing proyekto ay ang mga libreng bakuna para sa mga bata, scholarship para sa mga natatanging kabataan na nagnanais na makatapos ng pag-aaral at marami pang iba.

Kailan lamang ay nagkaroon ng isang Anti-Rabies Vaccination Campaign sa karuhatan East Elementary School. Ito ay proyekto ng Kabataang Lingkod ng Karuhatan, isang grupo ng mga kabataan sa Karuhatan na nagnanais na makapaghatid ng tulong at serbisyo sa kanilang mga ka-barangay, na buong pusong sinuportahan ni Konsehal Boy Padrinao sa pakikipagtulungan ng Department of Agriculture at Valenzuela City Pound. 187 na mga alagang aso ang nabakunahan sa proyektong ito.

# Pangangalaga sa bakaw-gabi pinaigting

Bilang pagkilala sa halaga ng pagprotekta sa endangered animal species, ang mga matubig na lugar ng Barangay Malanday ay idineklara ng mga opisyales ng barangay bilang tirahan ng mga migratory birds tulad ng bakaw-gabi.

Matapos mapabalita na ang mga nasabing ibon na nagtayo ng kanilang sanktuaryo sa mga matubig na lugar ng Malanday, ay hinuhuli at pinapatay ng mga residente.

Sa bisa ng Barangay Resolution 2004-006, lahat ng matubig na lugar sa barangay kung saan maaaring manirahan at mangitlog ang mga bakaw-gabi, ay idineklarang tirahan ng mga nasabing ibon.

Mahigpit ding ipinagbabawal ng resolusyon ang paghuli at pagpatay sa mga nasabing ibon at pagsira ng kanilang mga pugad.

Ang sino mang lumabag ay mapaparusahan alinsunod sa Republic Act 9147 o Wildlife Resources Conservation Act, na nagsasabing ang wildlife resources at ang kanilang tirahan ay kinakailangang protektahan dahil ang Pilipinas ay nakakaranas ngayon ng biodiversity crises.



Ang mga lugar na pinamumugaran ng mga flora at fauna sa bansa ay labis na nabawasan at siyang nakakaapekto sa pangmatagalang seguridad sa ecological at economic potential ng bansa, kung kaya't ito ay mahigpit na ipinagbabawal.

